2026 Illinois Report Card

Overview ng Profiles of Performance

Ano ang Profile of Performance?

Nagbibigay ang Profile of Performance ng malinaw at kapaki-pakinabang na larawan ng performance ng paaralan bawat taon sa pamamagitan ng paglalahad ng performance ng bawat paaralan batay sa mga core, elevating, at tagumpay ng mag-aaral/kalidad ng paaralan na mga indicator. Ito ay dinisenyo upang suportahan ang patuloy na pagpapabuti sa bawat paaralan sa pamamagitan ng pagsisilbing panimulang punto para sa mga talakayan tungkol sa pagpapabuti ng paaralan.

Ano ang Kasama?


1. **Mga core academic indicator**
2. **Mga elevating indicator**
3. **Performance ng grupo ng mga mag-aaral**

Profile of Performance

Mga Core Indicator

Kinikilala ng mga core indicator ang mga kalakasan ng paaralan sa mga kritikal na resulta ng mag-aaral.

Sinusukat ang paglago, kahusayan, at rate ng pagtatapos ng mag-aaral



Mga Elevating Indicator*

Ang magandang performance nito ay nagpapataas, at hindi nagpapababa, ng designasyon ng paaralan.

Mga sukatang tumutugon sa mga kahingian ng Every Student Succeeds Act at sumusuporta sa mga resulta ng mag-aaral

**Ang rate ng pagtatapos ay para lang sa mga hayskul.*

Summative Designation

Ang Profile of Performance ay makikita sa pamamagitan ng isang summative designation. Sa partikular, ang summative designation ay nagpapakita ng performance ng paaralan sa mga core, elevating, at tagumpay ng mag-aaral/kalidad ng paaralan na mga indicator.

Mga Antas ng Performance

1 **Huwaran**

2 **Papalapit sa Huwarang Antas**

3 **Kapuri-puri**

4 **Umuunlad**

5 **Komprehensibo**

6 **Awtomatikong Komprehensibo***

Paano Tinutukoy ang Summative Designation

1 Tukuyin ang Core Performance – Ang core performance ang pundasyon ng pangkalahatang antas ng profile..

1. Magsimula sa antas ng performance ng pinakamalakas na core indicator.
   a. Ang mga hayskul na ang pinakamalakas na core indicator ay Huwarang Pagtatapos ay nagsisimula sa Huwaran kung ang Kahusayan o Pag-unlad ay Huwaran din o Papalapit sa Huwarang Antas. Kung hindi, magsisimula sila sa Papalapit sa Huwarang Antas.
2. Kung ang alinmang core indicator ay Komprehensibo, ibaba ang pangunahing performance nang isang antas.
3. Kung ang anumang naaangkop na core indicator ay Awtomatikong Komprehensibo, itigil ang proseso. Ang huling antas ng profile ay Komprehensibo.
4. Kung ang pangunahing performance ay Huwaran, lumaktaw sa Hakbang 3 at isaalang-alang ang performance ng grupo ng mga mag-aaral.

2 Isaalang-alang ang mga Elevating Indicator – Natutugunan ba ang mga pamantayan sa elevation?

1. Kung ang pangunahing performance ay Papalapit sa Huwarang Antas o Kapuri-puri at ang paaralan ay may:
   a. Dalawang Huwarang elevating na mga indicator (kung may dalawa o higit pa); o
   b. Isang Huwarang elevating na indicator (kung may isa lang),

pataasin ang core performance nang isang antas.

2. Kung ang core performance ay Umuunlad o Komprehensibo at ang paaralan ay may:
   a. Isang Huwaran at isang Papalapit sa Huwarang Antas na elevating indicator (kung may dalawa o higit pa); o
   b. Isang Papalapit sa Huwarang Antas na elevating indicator (kaung may isa lang),

pataasin ang core performance nang isang antas.

3. Kung hindi natugunan ang mga pamantayan, panatilihin ang core performance nang walang pagbabago at lumipat sa Hakbang 3 upang isaalang-alang ang performance ng grupo ng mga mag-aaral.

**Automatic Comprehensive is a performance level that applies only to core indicators. It limits the ability of other core and elevating indicators to elevate the profile above Comprehensive. (This performance level for Proficiency and Growth applies to elementary and middle schools. This performance level for Graduation Rate only applies to high schools.)*

3 Isaalang-alang ang Performance ng Grupo ng mga Mag-aaral – Mga gabay na nagsisigurong mapagsasaluhan ang tagumpay

1. Sundin ang Hakbang 1 at 2 para sa lahat ng accountability na mga grupo ng mga estudyante sa paaralan.
2. Kung walang grupo ng estudyante ang Komprehensibo, ang pangkalahatang Profile of Performance ay core + elevation.*
3. Kung mayroon mang Komprehensibo, ang pangkalahatang profile ay itatakda sa Kapuri-puri kung ito ay magiging Huwaran o Papalapit sa Huwarang Antas, at iiwan nang walang pagbabago kung ito ay Kapuri-puri, Umuunlad, o Komprehensibo na.

Paano Nakakaapekto ang Profile of Performance sa Patuloy na Pagpapabuti ng Paaralan

Mahalaga ang patuloy na pagpapabuti ng paaralan para sa bawat paaralan anuman ang summative designation.

Ang Profile of Performance ay nagsisilbing panimulang punto para sa mga kawani ng paaralan upang matukoy ang mga aspekto ng kalakasan at pangangailangan, at upang gabayan ang karagdagang pagsisiyasat sa mga aspektong iyon sa pamamagitan ng mga kasanayan sa pagtuturo at pagkatuto na nagpapahusay sa pakikilahok ng mga mag-aaral.

Sa ganang sarili nito, ang Profile of Performance ay hindi kompleto para sa layunin ng patuloy na pagpapabuti ng paaralan. Ang mga layuning natukoy sa patuloy na pagpapabuti ng paaralan ay dapat na nakabatay sa pananaw, mga pinahahalagahan, at lokal na kaalaman ng paaralan, mga tauhan, mga mag-aaral, pamilya, at mga komunidad.

**Kung naaangkop at natugunan ang mga pamantayan*